Mga Resiping Panlaro

Pintang Pandaliri
Haluan ang ½ tasa ng gawgaw ng ¾ tasa ng tubig hanggang maging paste. Ibabad ang isang pakete ng gulaman sa ¼ tasa ng malamig na tubig at isantabi. Ibuhos ng dahan-dahan 2 tasa ng kumukulong tubig sa tinimplang gawgaw, habang paulit-ulit na hinahalo. Lutuin sa katamtamang init, habang patuloy na hinahalo, hanggang sa ito ay kumulo at maging malinaw. Tanggalin sa init at ihalo ang gulaman. Palamigin at hatiin sa mga lalagyan. Haluan ng food color para magkaroon ng sari-saring kulay. Ito ay makintab na pinta na may malinaw na yari.

Art na Bato
Mamasyal kayo ng iyong anak sa park, sa beach, sa kapaligiran at mangalap ng ibat-ibang hugis ng bato. Pag-uwi sa bahay, pintahan at dekorasyonan ang mga ito. Puwedeng gumamit ng brotsa o mga daliri para ikalat ang pinta o pandikit.

Pagpipintang Bulak
Maglagay ng konting pinturang tubig sa karton ng itlog, ibat-ibang kulay sa bawat hati. Hayaang itubog ng iyong anak ang bawat bulak sa isang kulay at ipahid ito sa papel. Subukan sa aluminum foil at tingnan ang makintab na kinalabasan.



Bakit kailangang maglaro?

Ang laro ay importanteng gawain ng bata. Marami siyang natututunan sa kanyang mundo sa pamamagitan ng kanyang sariling karanasan tuwing siya ay naglalaro. Kailangan ng bawat bata ang laro upang matuklasan niya at maintindihan ang kanyang kapiligiran habang siya ay lumalaki.

Ang mga programang panlaro para sa mga bata at sa kanilang mga magulang at tagapag alaga ay nagbibigay ng pagkakataon sa kanila na makipag laro sa isat-isa sa isang lugar na ligtas at masigla. Meron ding ibang bata at matatanda na nagbibigay sigla at saya sa kanilang pagsasamasama. May maraming oportunidad para sila magkakilala at magkaalaman sa ibat iba nilang gawaing laro. Ang mga bata ay natututong magbigayan sa isa't-isa habang sila ay nagpapatuloy na lumaki ng maayos at malusog.

Ang mga laruan ay simpleng gamit ng mga bata para pagyamanin ang kanilang paglalaro at kaalaman. Walang isang matatawag na tamang laruan. Ang mga bata ay nangangailangan ng ibat-ibang laruan na tugma sa kanilang edad, kanilang interes at kanilang kakayahan. May mga laruan para sa tag-ulan, panlabas na laruan pag kasama nila ang kanilang mga kaibigan, laruan kung sila ay may sakit o kung sila ay nakabakasyon at mga laruan na edukasyonal upang sila ay matutong magbigayan at magkaisa. Isipin ang bukod-tanging pangangailangan at interes ng iyong anak kapag namimili ng kanyang laruan.

Ang "Laro Tayo" ay limang bahaging babasahin na nagbibigay ng ibat-ibang ideya ng paglalaro sa mga edad na:

0-6 buwan	2-3 taon
6-12 buwan	3-4 taon
1-2 taon	4-5 taon

Ang presyo sa maramihan na pagbili ng babasahin at ibang publikasyon ay maaring malaman sa:

FRP CANADA
707 - 331 rue Cooper Street, Ottawa, ON K2P 0G5
(613) 237-7667 info@frp.ca
1-866-637-7226 www.frp.ca
1-866-6-FRPCAN www.welcomehere.ca
(613) 237-8515 www.bienvenuechezvous.ca

Tagalog/ Tagalog

Laro Tayo?

2-3 taon

FRP CANADA

Ang laro ay...

- **pagtuklas**
- **pag-akyat at pagtalon**
- **paggamit ng imahinasyon**
- **paglikha**
- **pagtatayo**
- **pakikipagusap**
- **pagtatanong**
- **pakikipagugnayan sa ibang bata**
- **pagsusubok**
- **pagtutugma**



Maingat na piliin ang mga laruan, isaisip ang tamang level ng paglaki ng iyong anak.

Maghanda ng isang lugar na panlaruan na may mga sombrero, mga ibat-ibang damit, alahas, at mga papets, laruang pang-kusina at pang-bukid upang magamit ng iyong anak ang kanyang imahinasyon at maglaro ng pagbabalatkayo .

Bigyan ang iyong anak ng mga laruang bloke, tren at paggawa ng konstraksyon para maengganyo siyang magtayo o gumawa ng sari-saring bagay na nakikita niya sa kanyang kapaligiran. Ang larong ito ay makakatulong sa kanyang paggaya ng mga bagay sa kanyang mundo.

Hayaan ang iyong anak na sumubok ng maliit na bisikleta o laruang sasakyan. Sa umpisa, gagamitin niya ang kanyang mga paa para umusog ito. Dalhin siya sa park para masanay siya sa pag-akyat at pag-slide. Ang paglalarong aktibo ay makakatulong sa kanyang malusog na paglaki at kanyang hilig sa pakikipagsapalaran, sa kanyang lakas, koordinasyon at pagba-balanse.



Magbasa kayo ng iyong anak ng mga simpleng aklat na may maraming larawan. Banggitin ang mga pangalan ng mga bagay, hayop at tao sa mga larawan habang itinuturo niya ang mga ito. Masayang gayahin ang mga ungol at salita ng mga ito.

Humanap ng mga pagkakataon para sa iyong anak na ma develop ang kanyang pang-amoy, paningin, panlasa, pandinig at pang-hipo. Hayaan siyang maglaro ng ibat-ibang klase ng materyales tulad ng tubig, buhangin,oatmeal, giniling na mais at playdough. Lagyan ng sinamon ang giniling na mais para maiba ang amoy. Maglagay ng food color sa play dough para makagawa ng ibang kulay.

Lumikha ng ibat-ibang uri ng tunog kasama ang iyong anak sa pamamagitan ng pagkalantog ng ibat-ibang laki ng mga palayok,kawali at lalagyan. Siguradong makakabuo kayo ng banda ng pamilya!

Mga Resiping Panlaro

Playdough
Sa munting kawali, paghaluin ang:
2 tasa arina (1 tasa =250ml) 1/2 tasa asin
2 kutsara cream of tartar Samahan ng:
2 tasang tubig, 2 kutsarang mantika at food color. Haluin habang niluluto sa katamtamang init hanggang mabuo ito parang bola. Kunin at masahin na parang tinapay hanggang ito ay maging makinis at hindi dumidikit. Maaaring dagdagan ng katas ng lemon para magkaroon ng kakaibang amoy. Ilipat sa isang plastik na lalagyan na may takip pag-lamig.

Ang playdough ay malambot at madaling imaniobra ng malilit na mga kamay. Bigyan ang iyong anak ng cookie cutters at rolling pin at ibang kasangkapan na malalaro niya.

WOW na Gawgaw
Paghatiin ang laman ng kahon ng gawgaw sa dalawang lalagyan. Magdagdag ng konting tubig hanggang puwede na itong haluin. Lagyan ng magkaibang food color ang bawat lalagyan. Pagmasdan ang kataka-takang texture nito: buo sa lalagyan ngunit kung iyong pupulutin, ito ay malapot at tutulo pabalik sa lalagyan. Itago ito sa isang lalagyan na may takip para malarong muli.

O kaya, ilagay sa isang 'freezer plastic bag'. Punuin ng kalahati ang bag at gumamit ng tape para maisara ng mahusay at mahigpit. Puwedeng pisilin ng bata ang bag na laruan. Ilagay sa refrigerator kung tag-init bago pag laruan para ito ay malamig. Ibabad sa maligamgam na tubig kung tag-ulan naman.